


SAKA DUMATING SI JESUS

 . . . at sa dakilang Pangalan ng Iyong pinahirang Anak, ang Panginoong Jesus Cristo. Pinasasalamat Ka po namin dahil sa Kanyang Buhay, at dahil sa Kanyang biyayang nabuhos sa aming mga puso, sa pamamagitan ng Espiritu Santo.

² Kung hihinto lamang kami, upang bilangin ang kayraming mga pagpapalang ipinagkaloob sa amin, hindi ito mabibilang. Nagpapasalamat po kami sa aming kalusugan, at sa lahat ng mga dakilang pagpapalang hindi kayang bilhin ng salapi. Iyo nga pong masaganang ipinagkaloob, sa pamamagitan ng Iyong biyaya, ang lahat ng ito sa amin. At kami nga'y mga mapapalad na nakakilala sa Iyo.

³ At hinahangad po ng aming mga puso na ang mga hindi pa nakakikilala sa Iyo, at hindi pa malapit sa Iyo, na makilala Ka nila, at ang mga kasalanan nila'y mapatawad, at sila'y maging malapit sa Iyo, Ama. Sapagkat sinabi Mong, "Ako'y maamo at mapagpakumbaba. At ang krus ay madaling dalhin at magaan ang mga pasan." At idinadalangin po namin na ihahayag Mo ito sa bawat isang narito ngayong gabi. Kung mangyari mang may ilang mga naparito na hindi Ka pa nakikilala, nawa'y lumapit na sila ngayong gabi at tanggapin Ka. Tulungan Mo po ang mga Cristiano sa kanilang patuloy na pag-usad. Pagpalain Mo po ang mga awitan, ngayong gabi, pati ang—ang mga nagsisiawit.

⁴ At Iyong tulungan kami sa parating na rebaybal. Sa limang gabing ito, Panginoon, dama namin na Ito talaga ang magiging kalooban Mo, na ang mga gabing ito'y maihandog namin sa paglilingkod, bago namin gunitain ang dakilang pagkabuhay na mag-uli; at ang pagkakabayubay sa krus, at pagkabuhay na mag-uli ng aming Panginoon.

⁵ Sumaamin Ka po ngayon. Pumarito Ka po sa Iyong Salita, Panginoon, at magministeryo Ka sa amin, at magtipun-tipon nawa kami sa palibot ng Salita, sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos. Sa Pangalan ni Cristo kami'y dumadalangin. Amen.

⁶ Tunay ngang isang pribilehiyo ang makatayo sa harap ng isang tao, at mangusap patungkol sa Panginoong Jesus. At napansin ko nga, sa aking pagmi-ministeryo, sadyang hindi mahalaga sa Diyos, kung may isang dosena man diyan, o libo-libo man. Siya rin naman ang Mensahe Niya sa tuwina para sa sankatauhan, na siya rin namang Kanyang biyaya.

⁷ Ang paksa natin ngayong gabi, ay nagmula pa sa isa sa mga pinakamagandang tagpo sa Kasulatan. Sa palagay ko'y lahat ng Kasulatan ay sadyang sakdal naman. Walang pagkakamali kang makikita sa Salita ng Diyos. Sadyang sakdal nga ito. Pero, ang tekstong pagbubulay-bulayan natin, ay isa sa mga bukod-

tanging teksto ng Kasulatan. Isa ito sa mga tatak ng Kanyang pagiging Mesiyas.

⁸ Alam n'yo, maaaring magsilitawan ang mga kung sinu-sino sa ibabaw ng mundong ito, at magsisipagbitiw ng lahat na ng uri ng mga pahayag at lahat na ng uri ng mga pangako, subalit kung hindi nila kayang tuparin ang mga pangakong iyon, aba, ang mga pangako nila'y walang gaanong mabuting maidudulot. Subalit kung lilitaw sa atin ang isang tao at makapapangako, at pagkatapos ay kanyang tutuparin ang kanyang pangako, magiging mabuti ang salita niya.

⁹ At Siya ang nag-iisang Tao na nabuhay rito sa lupa, na makapagsasaysay ng ganito, "May kapangyarihan Akong ibigay ang Aking buhay, at may kapangyarihan Akong ibalik itong muli."

¹⁰ Nagkaroon na ako minsan ng pribilehiyo sa aking pagministryo, na makatayo sa tabi ng libingan ng maraming mga dakilang nagsipagtatag ng mga relihiyon, mga dakilang tagapagtatag kagaya ni Mohammed at marami pang iba riyang galing sa mga iba't ibang kilalang relihiyon sa mundo. Subalit ang bawat isa sa kanila'y mayroon ngang lugar na kinatitirikan ng bantayog kung saan namatay ang kanilang tagapagtatag, at nailibing roon, pero nakahimlay pa rin doon hanggang sa araw na ito.

¹¹ At hanggang ngayon, sa natural nating kalagayan, hindi pa ako nagkakaroon ng pribilehiyong tumayo sa tabi nung bukas na puntod kung saan nahimlay si Cristo, at tunay ngang hindi Siya kayang panatilihin doon ng libingan. Sapagkat Siya Yaong Isa na nagsabing, "Ibinibigay Ko ang Aking buhay; walang nag-aalis nito sa Akin. Ibinibigay ko ito at kukunin Ko itong muli."

¹² At ito nga ang natatanging relihiyon sa mundo na sadyang mapatutunayang tama, ito ngang relihiyong Cristiano. Ang ating Panginoon, hindi lamang Siya namatay para sa Kanyang mga hinirang, bumangon pa Siyang muli para sa kanilang pag-aaring ganap. At umakyat na Siya sa Kaitaasan, ngayong gabi, at nakaupo na roon sa Luklukan ng Diyos. At nabubuhay ang Kanyang Espiritu doon sa Kanyang Iglesya, doon sa Kanyang mga hinirang, na ginaganap ang siya ring mga bagay na ginawa Niya noong naririto pa Siya sa lupa; ipinagpapatuloy nila ang Kanyang ministryo.

¹³ At kaya nga naman kaninang umaga, nang ang Espiritu Santo ay bumaba sa buo nitong kaluwalhatian at binuhusan tayo ng Kanyang kamangha-manghang kaluwalhatian, napuno ako ng inspirasyong saysayin ang mga salitang ito at sabihin, na, darating ang isang maluwalhating araw na ang lahat ng mga kaloob na nasa iglesya ay ilalagay na lamang sa isang tabi, doon sa likod ng tabing, gaya noong una. At ang Espiritu Santo, na Mismo, ang siyang mamahala't magpapagana sa Iglesya sa

pamamagitan ng lubos na kapangyarihan, ng Banal na pag-ibig, hanggang sa magsigaling ang mga maysakit, magkaroon ng paningin ang mga bulag, magsilakad ang mga pilay, kahit hindi na sila patungan pa ng mga kamay. Iyon nga'y magiging isang dakilang pakikipag-isa.

¹⁴ At kaya nga naman nung nakatayo tayo kaninang umaga, sa kapanahunan at oras natin, nasaksihan natin ang lalaking iyon na lumakad. . . o kinarga muna rito sa itaas na nakatungo ang ulo sa pagitan ng kanyang mga tuhod, at may sakit nga sa gulugod na nagdulot sa kanyang mayukod nang paganito, at maging hukot. At habang nakaupo na siya riyan kanina, ay nagpaugoy-ugoy na siya nang paurong-sulong, diyan sa likod.

¹⁵ At ang masaksihan nating ang isa pang lalaki na bumalik na sa kanyang puwesto at naupo na, matapos na pumila para sa panalangin, at ang mapakinggan ang patotoo niyang sinaysay kanina, at ang sabi pa nga niya roon, sa loob ng maraming taon, talagang hirap na hirap siyang makarinig sa kanyang mga tainga, at nasaksihan nga nating binuksan ng Panginoong Jesus ang mga taingang iyon nang lubusan, hanggang sa naririnig na niya kahit pa ang pinakamahihinang bulong. Bumalik nga siya roon at naupo at inilagay ang kanyang mga kamay sa kanyang mga tainga at napahagulgol. Isang negosyante; isang lalaking nagmaneho pa nang daan-daang milya para makadalo rito.

¹⁶ Saka, mayroon din tayo, dito sa entablado, mayroon tayong mga patotoo ng mga batang naidulog sa atin, pati ng mga taong nasa malalang kalagayan, iba't-ibang uri ng mga karamdaman, galing pa sila sa iba't-ibang panig ng bansa, sila'y nagbigay ng mga patotoo patungkol sa kanilang mga kalagayan, at kung papaanong nag-aagaw buhay sila dahil sa kanser at sa iba't iba pang mga sakit. At heto na sila ngayon, pawang normal na ang kalagayan, magagaling na. Isa lang ito sa mga pagpapatibay ng Kanyang patuloy na pagiging Mesiyas.

¹⁷ Ito nga'y isang pagpapatibay na ang Cristianismo ang Katotohanan. Wala nang iba pang relihiyon ang Totoo kundi Cristianismo lang. At ito na talaga ang Katotohanan. Si Cristo ang Katotohanan. At Siya. . . Ang relihiyon ni Cristo ay hindi namatay kasama ni Cristo. Marahil namatay nga ito kasama Niya, subalit nabuhay naman itong kasama Niya, rin naman. At Kanyang pinatutunayan, mapasa-hanggang ngayong gabi, ang Kanyang kamangha-manghang pagiging Mesiyas.

¹⁸ Natuklasan natin, dun sa isang maliit na aklat na matagal-tagal ko na ring nabasa, na pinamagatang, *Ang Prinsipe ng Sangbahayan ni David*. Sa pagkakaalala ko'y isinulat iyon ng isang lalaking nanggangalang Ingraham. At pinagpapalagay na, may mga ilang bahagi iyon, na totoo, at hinango pa mula sa ilang lumang manuskrito, mga lumang manuskritong gawa sa balat ng hayop na buhat pa sa napakaraming taon, na nagdaan.

Na, mayroon daw isang kabataang Hudyo, sa Palestina, noong panahong naroroon din si Jesus. At ang kabataang babaing ito, ay sumusulat sa kanyang amang nasa Alexandria, regular na nakikipag-ugnayan noon sa kanyang ama, patungkol kay Juan Bautista at ang Jesus na tinatawag ang Kanyang Sarili na “Mesiyas.” At nailarawang mainam ng mga liham na iyon ng kabataang babae ang tagpo natin ngayong gabi.

¹⁹ Ikinuwento niya roon na sina Marta at Maria at Lazaro ay mga matatalik na kaibigan ni Jesus. Na, matapos na mamatay ni Jose, nagpunta sila . . . nakituloy Siya sa kanila, at nanirahan kasama nila. Nagsasanay noon para maging eskriba si Lazaro sa templo. At sina Marta at Maria rin naman. . . Wala na silang ama’t ina. Kaya, nananahi sila ng maliliit na tapiserya para sa templo, ’yung mga maliliit na panabing at gayong mga bagay-bagay, mga hinabing gawa, at ’yun ang pinagkaabalahan nilang gawin. At dumating si Jesus para makitira sa kanila, bago pa Niya ipinakilala ang Kanyang Sarili na Siya ang Mesiyas.

²⁰ At si Lazaro noon ay nasa ilog, nakikinig sa pangangaral ni Juan. Kaya naman noong umuwi siya’y ipinamalita niya sa kanilang mayroong isang napakadakilang propetang nagmula pa sa Galilea, galing pa roon sa ilang, at kanyang inihahayag, na nalalapit na nga raw ang pagdating ng Mesiyas. At walang kaalam-alam noon si Lazaro na Yaong kinakausap niya ay ang Mesiyas na, Mismo.

²¹ At isang araw ay hinimok niya si Jesus, gaya nga ng sinabi sa salaysay, hinimok niyang sumama sa kanyang pumaroon, upang mapakinggan ang pangangaral ng propetang ito. At si Juan, nang mga panahong iyon, ay hindi nagagayakan ng mga mapanghikayat na pananalita; isa lang siyang pangkaraniwa’t ordinaryong tao, hindi nakabihis na gaya ng punong saserdote.

²² Sapagkat, hindi naman tumatahan ang Diyos sa porma ng pananamit natin. Hindi masyadong tinitingnan ng Diyos ang mga bagay na gaya nito, basta’t nakadamit tayo nang disente at maayos tingnan. Hindi mo na nga kailangan pang itupi ang iyong kuwelyo, o magsuot ng turban sa iyong ulo. Nais ng Diyos na magkaroon ka ng mapagpakumbaba, at mapagpasakop na puso. Iyan kasi ang hinahanap ng Diyos.

²³ At nung makita niya si Jesus na lumapit kay Juan, upang magpabautismo, bumaling si Juan at tumingin, at nagsabing, “Narito ang Cordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan.”

²⁴ At noong nabautismuhan na ni Juan si Jesus, sinasabi nila na pagkatapos noon ay bumalik Siya sa tahanan nina Lazaro at Marta. At tumira Siya roon, kumain sa kanilang hapag, natulog sa kanilang mga higaan doon sa Betania. At nung isang araw, nangusap ang Diyos kay Jesus at sinabi sa Kanya, “Nais Kong

lisanin Mo ang lugar na ito, at pumaroon Ka sa ipakikita Ko sa Iyo.”

²⁵ Ngayon, alam natin na sinasabi ng Biblia, sa San Juan 5:19, sinabi ni Jesus, “Hindi Ako makagagawa ng anuman maliban na ipakita muna sa Akin ng Ama ang gagawin.”

²⁶ At kaya nga naman kinailangang ipakita sa Kanya ng Diyos, noong panahong iyon, kung ano ang gagawin, kundi ay hindi na sana Siya umalis ng Betania. Kaya nga’t humayo Siya, mga isang araw na paglalakbay, o mga dalawa.

²⁷ At di nagtagal, nagkasakit si Lazaro, at nagsugo sila para pabalikin si Jesus. Subalit, sa halip na paunlakan, niwalang-bahala lang ni Jesus ang pagpapatawag.

²⁸ Ngayon hindi ba magiging kakaiba ang mararamdaman n’yo kung ganyan na ganyan ang ginawa ng inyong pastor? Siguro sa isip-isip n’yo, “Aba, wala na ata siyang malasakit sa atin.”

²⁹ Subalit, oh, kung hihinto lamang kayo pansumandali, para alalahanin ito, na, “Ang lahat ng bagay ay nagkakalakip na gumagawa sa ikabubuti ng mga nagsisiibig sa Diyos.” Walang magiging anumang problema sa mundo, hangga’t nasa Diyos ka. “Ang lakad ng matuwid ay itinatag ng Panginoon.”

³⁰ At pagkatapos ay nagsugo na naman sila para sunduin si Jesus. At Siya, tila бага, niwalang-bahala uli ang panawagan nila at basta na lang pinalampas iyon. Makaraan ang apat na araw, sabi Niya, “Ang kaibigan nating, si Lazaro, ay natutulog, at dahil sa inyo rin ay ikinagagalak Kong wala Ako roon.” Sapagkat, kung naroon Siya, pinilit na sana nilang pagawin Siya ng isang bagay na hindi kalooban ng Diyos.

³¹ Oh, mainam sigurong tutukan ko muna ito nang ilang sandali! Kung papaanong, madalas, kahit mabuti ang layunin, nagagawa pa rin ng mga taong ibaling ang kanilang kapuwa palayo sa kalooban ng Diyos. Alam dapat ng isang tao ang ganap niyang pagkatawag. Alam n’yo dapat ang ginagawa n’yo, at hindi lang kayo gumaganap sa mga gawa nang padalos-dalos, o hahayaan lang na mahatak kayo ng pera mula sa isang dako patungo sa isa pa, o mahatak ng katanyagan. Kahit gaano pa kayong katanyag, gaano pa kayong kayaman, dapat ay lagi n’yo munang unahin ang Diyos, upang malaman ang Kanyang plano at ang Kanyang kalooban.

³² Ngayon, noon ngang nagkasakit si Lazaro, tila бага may kakaiba at ayaw Niyang bumalik doon. Pero sabi nga ni Jesus, “Ikinagagalak Ko na wala Ako roon.”

³³ Dahil nga, hindi sila titigil sa kahihimok sa Kanya, sa kasasabing, “Ngayon, bakit hindi Ka *pumarito*? Bakit hindi Mo gawin ang *ganito*? At bakit hindi Mo siya puwedeng buhayin? Ibinangon Mo naman ang iba.” Subalit, nalalaman nga ni Jesus ang mas mabuti. Alam ni Jesus kung ano ang kalooban ng Ama.

34 At, oh, sadyang pinagpalang pribilehiyo nga ito, na maaari na nating malaman ang kalooban ng Ama. Kung uunahin kasi natin ang Diyos, ipaaalam ng Diyos ang Kanyang kalooban.

35 Mas gusto ko pang malaman na naroon ako sa kalooban ng Diyos, kung sakali mang hindi na ako makapangusap sa kahit sinong tao, kaysa sa mangaral sa sampung libong katao gabi-gabi, tapos lihis pala ako sa kalooban ng Diyos. Mas nanaisin ko pang malaman ang kalooban ng Diyos. Naniniwala akong si David ang may sabing, “Nanaisin ko pang maging kuskusan sa pinto,” sa . . . o parang ganun, “sa bahay ng aking Panginoon, kaysa tumahan sa mga tolda ng kasamaan.”

36 Isa ngang pribilehiyo, ang masumpungan ang inilaang dako para sa atin at doon na manatili. Kahit gaano pang katinding mangtigatig ang Diyablo, anuman ang pinagsasabi-sabi niya, at gaano mang kalakas ang kanyang pangungutya, manatili nawa kayong tapat sa kalooban ng Diyos.

37 Pansinin n’yo, pagkatapos nun, noong sinabi ni Jesus, “Ngayon, siya’y—siya’y patay na.” Ang akala nila’y natutulog lang siya. Sabi Niya, “Patay na siya. At dahil sa inyo rin, ikinagagalak Kong wala Ako roon. Subalit paroroon Ako’t gigisingin siya.” Oh, naku! Hindi man lang sinabing, “Paroroon Ako at titingnan kung kaya Ko; paroroon Ako at susubukan.” Kundi, “Paroroon Ako’t gigisingin siya.” Sapagkat, nalalaman Niya, ipinakita na ng Diyos sa Kanya sa pamamagitan ng isang pangitain, na babangon si Lazaro mula sa libingang iyon. Hindi ’yun isang pagbabaka-sakali. Oh, kung ang Diyos ay . . .

38 Sa tuwing magpapakita ang Diyos ng isang pangitain kung ano ang mangyayari, iyon nga’y magiging eksakto, kung mula nga sa Diyos ang naturang pangitain. Siguradong magaganap iyon! Kung puwede lang sanang huminto rito sa aking teksto, at magbanggit, nang ilang oras, ng mga halimbawang alam ko.

39 Dumating na ako sa mga pagkakataon kung kailan naiisip ko, “O Diyos, siguradong gagawin Mo ito,” basta paroroon lang ako’t sadyang masusubukan lang ang pananampalataya ko sa bagay na iyon. Subalit maraming beses na hindi iyon umuubra.

40 Subalit kapag nagpapakita ang Diyos ng isang pangitain, oh, naku, hindi puwedeng hindi iyon mangyari. Hindi iyon puwedeng mabigo. At dahil nga sa ginaganap Niya ito ngayon, ito nga’y ang tiyak na katibayan na Siya pa rin ang Mesiyas, na ang Kanyang pagiging Mesiyas ay natatakan na ng mga tanda at kababalaghan ng pagpapatibay ng Kanyang banal na Salita.

41 At ngayon nama’y kung iisip-isipin, itong, si Lazaro, noong nagkasakit siya. Isang sakit na lingid sa kaalaman ng sinuman liban lang kung nagkaroon na kayo ng ganoong sakit sa inyong mga sariling tahanan. At sigurado akong bawat isa sa atin, ngayong gabi, ay mahahabag kina Marta at Maria. Kung papaano ngang ang tanging nagdadala ng tinapay sa kanilang

hapag, ang kanilang kapatid na lalaki, ay nakaratay sa highaan. At marahil ay isinuko na siya ng mga doktor. Napag-alaman nating namatay siya dahil sa pagdurugo sa baga, marahil ay tuberkulosis. At namatay siya sa ganoong kalagayan. At noong nagkasakit na nga siya nang malubha, at isinuko na siya ng doktor, at saka pa nabigong pumunta si Jesus sa Kanyang kaibigan.

⁴² Ngayon, 'yun nga'y isa talagang napakadilim na panahon. Nakikinita n'yo ba ang dalawang magagandang dalagang iyon nang magsugo sila para pumunta si Jesus, at tumanggi Siyang gawin iyon? Pagkatapos nilang lumabas sa iglesya at tanggihan na ang lumang relihiyong Orthodox, at inihwalay ang kanilang mga sarili mula sa mga kasamahan sa sanlibutan; at noon nga'y nailagak na nila ang buo nilang pagtitiwala sa Lalaking ito, si Cristo, na Siyang pinaniniwalaan nilang Mesiyas, ang Cristo; at saka pa Niya sila binigo!

⁴³ Oh, dumaan na tayong lahat sa ganoong mga karanasan. Naaalala ko noong baguhan pa lang akong mananampalataya, kung papaanong inakala ng mga kamag-anak kong nawala na ako sa katinuan. Buweno, sabi pa nila, "Kung ipagpapatuloy mo ang ganyang klaseng relihiyon, mapupunta ka sa institusyon ng mga baliw sa mga susunod na araw." Nakaranas na rin kayo ng gayong bagay, na pinagtatawanan kayo ng mga tao, at sinasabi ng mga kasamahan ninyo na malala na kayo. Subalit hangga't nakay Cristo ang inyong pananampalataya, ang kahihinatnan ng lahat ng mga bagay ay maayos. Huwag na kayong mag-alala patungkol diyan. At naaalala ko nga kung papaanong may mga taong . . .

⁴⁴ Nasalubong ko noon ang kaibigan kong lalaki, at ang mga kabataang babae na dati kong kasa-kasama, nakasalubong ko sila sa kalsada. At sabi niya, "Billy, naging holy-roller ka na ah." Hindi ko iyon pinansin, dahil alam kong may isang bagay na nangyari, may isang bagay na naganap.

⁴⁵ At, sa puso ko, naniniwala akong ito ang totoo, at tunay na Espiritu Santo. Dalawampu't apat na taon na ang nakalipas, at ito'y sadyang matatag na nakaangkla pa rin mapasa-hanggang ngayong gabi. [Kinakatok ni Kapatid na Branham ang pulpito nang tatlong beses—Pat.] Taglay-taglay ko pa rin ang ganoong katibay na hangarin na paglingkuran Siya, gaya noong unang gabing ipinangako ko sa Kanya, sa munting lumang silungang-kahoy na iyon. Tunay nga. Mayroong isang bagay na nanatili! Dumating man ang mga oras na madidilim. Dumating man ang mga trahedyas. Dumating man ang mga kabiguan. Dumating man ang kamatayan. Subalit, sa pagharap sa lahat ng ito, ako'y panatag pa rin sa napakagandang pag-asang iyon na Kanyang sinabi, "Ako ang pagkabuhay na mag-uli at Buhay; ang sumasampalataya sa Akin, bagama't siya'y mamatay, gayon ma'y mabubuhay siya."

Nakatayo ang aking pananampalataya sa wala
 nang hihigit pa
 Kundi sa katuwiran ni Jesucristo at mayaman
 Niyang Dugo;
 Kapag ang lahat na nang nasa aking paligid ay
 humantong na sa pagkabulid,
 Siya ang mananatili kong saligan at pag-asa
 magpakailanman.

Kay Cristo, sa matatag na Bato, tayo nakatayo;
 Ang lahat na nang iba pang tayo ay buhangang
 gumuguh. Tunay nga!

⁴⁶ Oh, iyon marahil ay isang napakadilim na panahon; noong binigo sila ng kanilang doktor, noong binigo sila ng kanilang kaibigan, at naghihingalo na noong mga oras na iyon si Lazaro. At dumating ang ikaapat na araw, at lumura na siya ng dugo sa huling pagkakataon, at yumaon na siya upang makasama ang Diyos. Inihanda na nila ang kanyang katawan; tinuyo ang dugo sa kanyang katawan, nilagyan ng unguento at taganas na nardo ang kanyang mga ugat, binalutan na siya ng tela at inihimlay na siya roon sa libingan. At nakahimlay siya roon, nang apat na araw, patay nang talaga. Nangangamoy na ang katawan niya.

⁴⁷ Ngayon, alam ng lahat na ang katawan ng tao ay naaagnas pagkalipas ng mga pitumpu't dalawang oras.

⁴⁸ Iyon ang dahilan kung bakit kinailangang bumangon si Jesus bago matapos ang tatlong araw. Dahil nga sa loob ng pitumpu't dalawang oras, nagsisimula na ang pagkabulok.

⁴⁹ At si David, sa Biblia, sinabi niya, walong daang taon bago maisilang si Cristo, sa pamamagitan ng inspirasyon ng Espiritu Santo. Sabi, "Hindi Ko titiisin ang Aking Banal na makakita ng kabulukan, ni hindi Ko iiwan ang Kanyang kaluluwa sa Sheol."

⁵⁰ Iyan nga ang dahilan kung bakit sinabi Niyang, "Gibain ninyo ang katawang ito, at Aking itatayo ito sa loob ng tatlong araw." Alam Niyang hindi magkakaroon iyon ng pagkabulok. Kaya nga't namatay Siya nang Biyernes ng hapon, at nabuhay na mag-uli nang Linggo ng umaga, dahil alam Niyang wala ni isa mang selula ng banal na katawang iyon ang mahihipo ng kabulukan.

⁵¹ Dahil nga, ang Salita ng Diyos ay di maaaring magkamali. Oh, naku! Tinutupad Niya ang Kanyang Salita, hanggang sa pinakamaliit na titik nito. "Hindi Niya titiisin ang Aking Banal na makakita ng kabulukan, ni hindi Niya iiwan ang Kanyang kaluluwa sa Sheol." Ang hindi nagkakamaling Salita ng Diyos ay di maaaring mabigo. Naroon nga't nahimlay ang Kanyang katawan.

Pihado 'yan, tatanungin ng ilan-ilan. Sasabihin nila, "Hindi ba't tatlong araw at gabi?"

52 Subalit, papaloob nga iyon sa tatlong araw at gabi, Siya mismo ang nagsabi. Alam Niyang hindi iyon maaaring maging buong tatlong araw at gabi, 'pagkat magsisimula na dapat doon ang pagkabulok.

53 Kaya nga, heto si Lazaro, apat na araw na ang nakalipas. Natutuklap na ang ilong, sa kanyang mukha. Nabubulok na ang mga daliri. Nagsisimula nang magsigapang ang mga uod sa kanyang katawan at kainin ang kanyang laman.

54 Oh, iyon na nga marahil ang pinakamadilim na oras na nasaksihan ng munting pamilyang iyon! Wala na ang kanilang kaibigan. Ang iglesya naman nila; itiniwalag na sila. Patay na ang kapatid nila. At kinukutya at pinagtatawanan pa sila ng mga tao, habang ang dalawang mumunting babaing iyon ay nakaupong magkatabi sa kanilang tahanan, may takip na itim na belo ang kanilang mukha, gaya ng kinaugalian ng mga taga-silangan. Nakaupo nga sila roon, humahagulgol at nagluluksa, sa pagpanaw ng kanilang kapatid. Hayun nga sila.

55 Walang ibang makaiintindi kundi 'yung mga nakaranas na ng ganitong situwasyon sa tahanan; walang ibang makaiintindi kundi 'yung mga nakaranas nang maupo sa tabi ng kanilang mga mahal sa buhay! Alam natin 'yan, alam na ng marami sa inyo 'yan, ang pakiramdam ng maupo sa tabi ng mahal natin sa buhay. Roy, nakikinita kitang nakaupo sa tabi ng munting batang lalaking iyon. Kapatid na Roberson, nakikinita kita at si Kapatid na babaing Roberson na nangakaupo sa tabi ng kanyang ina. Oh, ilan na nga ba sa inyo! Nakikinita ko ang sarili kong nakaupo sa tabi ng aking munting, anak na pumanaw, magwawalong buwang gulang pa lang siya noon. Alam natin ang pakiramdam ng mga bagay na ito. Oh, kaydilim na mga oras talaga!

56 Tunay ngang iyon na talaga ang pinakamadilim na oras na nasaksihan ng munting pamilyang iyon. At noong mga oras ding iyon, dumating sa tagpo si Jesus. Ganito, madalas, ang Kanyang pamamaraan. Doon sa pinakamadilim na oras, saka darating si Jesus sa tagpo.

57 Doon naman sa Babilonia, isang umaga, maraming taon na ang nakalipas. Noong ang tatlong binatang Hebreo, ay dinala sa lugar na iyon, bilang mga bihag, inilayo sa kanilang lupang sinilangan. Nalungkot sila dahil sila'y mga bihag. Nalungkot sila dahil wala roong dakong mapagsasambahan. Gayunpaman namuhay pa rin silang tapat sa Diyos. At may mga dumating na ilan-ilang mapanlinlang, at nagpasa sila ng proklamasyon, na, "Ang sinumang hindi magpatirapa sa imahen," na laban raw sa kanilang relihiyon, "ay ipatatapon sa nagniningas na hurno." At ang hari, sa kanyang dumadagundong na pagbabanta, ay nagpunta roon at nagsabing, "Ang sinumang hindi magpatirapa

sa imaheng ito, ay ihahagis sa gitna ng nagniningas na hurnong ito at susunugin.” Ngayon, panahon nga ’yun ng pagsubok.

⁵⁸ At lagi talagang may oras ng pagsubok. “Bawat anak na lumalapit sa Diyos, ay kinakailangan munang masubok, masiyasat.” Oh, gustong-gusto ko ’yan. Oh, hindi ko man ’yan hinihiling na mapasa-akin, pero, pagkatapos n’yan dumaan sa akin, magbubunga naman ’yan ng mga magagandang bunga ng kababaang loob. Panahon na ng pagsubok, ito ngang panahong naglalagablab ang apoy! Kung paanong ang bawat Cristiano, sa bawat kapanahunang nagdaan, ay dumaan sa panahong iyon ng pagsubok. At sabi nga ng Biblia, “Kung hindi natin makakayanan ang pagsubok na iyon, nagiging mga anak sa ligaw tayo, at hindi mga anak ng Diyos.” Kaya naman, ang isang tunay na anak sa panahon ng pagsubok, na gaya nito, ay hindi na magsisilakad sa pamamagitan ng kanilang paningin. Ang pisikal nilang mga mata ay nakapikit na sa mga bagay na nakapaligid sa kanila. Lumalakad lamang sila sa pamamagitan ng pananampalataya ng Panginoong Jesus Cristo, nakatingin sa Kanyang Salita, at nananampalatayang tutuparin Niya ang bawat Salita nang eksakto sa paraan na sinabi Niyang gagawin Niya. Panahon nga ng pagsubok, mga hamon!

⁵⁹ At makikita natin, noong dumating ang panahong iyon ng pagsubok sa tatlong binatang Hebreo, napatunayan silang tapat. Sabi nila, “Hindi kami yuyuko sa imahen.” Oh, naku!

⁶⁰ Pagkatapos, nung ang dakilang proklamasyon ay nilagdaan na, humayo sila’t hinuli ang tatlong binata nang sama-sama, at kinaladkad silang nakatali ang mga kamay, at dinala sila sa isang makapal na tabla, isang tulay-tulayan, upang ibulid sila sa isang hurno na sa tindi nang init ay namumula ang langit, makapitong beses na mas mainit iyon kaysa karaniwang init. At habang tumutulay sila sa tablang naroon, alam nila sa sarili nila, na hindi nila nalalaman kung ano talaga ang gagawin ng Diyos. Subalit alam nilang siguradong may gagawin ang Diyos. Isang karangalan iyon para sa kanila na lumakad sa kanilang kamatayan, na gaya nun, upang makasunod sa Salita ng Diyos.

⁶¹ At habang lumalakad na sila patungo roon, marahil iyon na ang pinakamadilim na oras na naranasan nila kailanman. Wala—wala na silang tahanang mapupuntahan, sa mundong ito. Mga bihag sila. Para na lamang silang mga alipin. Dinala sila roon mula sa kanilang lupang sinilangan. Hindi sila pinapayagang sumamba nang hayagan sa publiko. Sumasamba sa mga diyus-diyosan ang mga tao sa bansang iyon; pero hindi rin naman maaaring basta na lang sila makisamba sa mga diyus-diyosan, pero hindi rin naman nila puwedeng gawin ang kinaugalian nilang pagsamba noon sa kanilang sariling lupain. Mga bihag lamang sila. Subalit, isang bagay ang pinatunayan nun, hindi mo magagapos ang isang mananampalataya mula sa kanyang Diyos. Hindi, hindi mo nga iyon magagawa.

⁶² At noong umagang iyon, habang naglalakad sila patungo roon, alam nilang Diyos na lamang ang nag-iisang kasama nila. At habang dahan-dahan silang humahakbang, paakyat doon, marahil, iyon na ang pinakamadilim na oras na naranasan nila. At nagsimula na ngang gumapang ang init ng hurno sa mukha nila. At habang inihahakbang na nila ang huling pamamaalam nila sa mundong ito, pababa roon sa nangangalit na hurnong iyon, saka dumating si Jesus sa mga oras ding iyon. At bumaba nga Siya roon sa nagniningas na hurno, pumitas muna ng isang dahong palmera mula sa mga nagluluntiang mga punongkahoy sa Langit, at pinaypayan Niya ang apoy palayo sa kanila.

⁶³ Hanggang sa, pagkatapos ng pagsunog, marahil pagkalipas nang isang oras o higit pa, nainip ang hari at nagsabi, “Buksan n’yo, at tingnan na natin ang nangyari.”

⁶⁴ At noong hinila na nila ’yung napakalaking takip ng hurno, at ang malaking bakal o tansong takip na iyon ay malaglag sa tabi, dumungaw sa loob ang hari. At sabi niya, “Ilan nga ba ang ipinasok natin doon?”

Sabi nung kawal, “Tatlo po ang ipinasok natin.”

⁶⁵ Sabi nung hari, “Pero apat ang naroon sa loob. At ang Isa sa kanila’y mukhang ang Anak ng Diyos pa ata.”

⁶⁶ Maaaring dumating ang madidilim, at maiinit na mga panahon, maaaring dumating ang mga panahon ng pagsubok, subalit nasa tagpo lagi si Jesus kung mananatiling tunay at tapat lamang tayo.

⁶⁷ Nangyari na iyon minsan sa isang munting babae, na naubos na ang lahat niyang salapi, pambayad sa mga doktor. At naipagbili na rin niya ang kanyang sakahan, kasama ang buong kawan, marahil. At ang lahat ng ari-arian niya, ay naipagbili na niya; at naipambayad na sa mga doktor, upang maipagamot at makakamit sana ng kagalingan. Pero wala ni isa sa kanila ang nakapagbigay sa kanya ng kagalingan. At habang nakaupo siya sa kanyang pag-iisa, hinang-hina na ang munti niyang katawan, dahil sa inaagasan siya ng dugo sa maraming taon. At tila ba walang anumang makatulong sa kanya. At may . . .

⁶⁸ May narinig siya. Alam n’yo, “Ang pananampalataya ay nanggagaling sa pakikinig, at pakikinig sa Salita.” Narinig niya na dun sa kabilang ibayo raw ng Galilea, ay may isang Propeta roon, na Siyang nagpapagaling sa mga maysakit. Subalit, wala siyang anumang salapi para makatawid ng lawa. Hindi niya kayang magsagwan ng bangka mag-isa, sa ganang kanya; lubha na siyang mahina. At hindi niya alam kung saan pupulot ng perang ipambabayad sana sa magsasagwan sa kanya, dahil sa naubos na niyang lahat ang ari-arian niya, pinambayad sa mga doktor, pero ganoon pa rin siyang kalubha gaya ng dati.

⁶⁹ Isang umaga, sa kanyang pagkakaupo, gaya marahil ng maiisip natin, doon sa balkonahe, gamit ang mumunti niyang

nanginginig na mga daliri, sinisikap niyang makapaggantsilyo nang kahit kaunti o makapagsulsi. Pagdungaw niya sa ibaba, may kung anong ingay na nanggagaling sa dalampasigan. At isang maliit na bangka nga raw ang dumaong sa mga bakawan at nangyaring nakadungaw siya noon. At pagkatapos . . .

⁷⁰ Nakaupo siya roon, nag-iisip, “Ngayong wala nang lahat ang pera ko. Ano na kayang susunod kong gagawin? Natanggap na namin itong . . . siguro’y palalayasin na talaga kami rito sa bahay. Matagal na rin itong nailit ng sanlaan. Ni wala na nga kaming kahit anong makakain, wala na rin akong ari-arian. At hindi man lang ako guminhawa sa sakit ko.” Iyon na marahil ang pinakamadilim na oras na naranasan niya kailanman.

⁷¹ At noong mga oras ding iyon, dumaong na ’yung maliit na bangka, at dumating si Jesus. Pumaroon ang naturang babae sa ilog, kahit pa ang katawan niya, ay patpatin na at nangangatog.

⁷² At tandaan n’yong maigi, dahil dumating si Jesus, sisikapin ng bawat diyablong naroon ngayon sa impiyerno na ilayo kayo sa Kanya. Siyanga. Marahil nakikinig kayo sa Mensahe, pero makikiupo ang Diyablo riyang sa inyong balikat, at bubulungan kayo, “Huwag kang makinig. Huwag kang makinig. Huwag kang makinig.” Subalit huwag ninyo itong paniniwalaan.

⁷³ Sabi Niya, “Ang may ibig, ay maaaring pumarito at uminom mula sa mga tubig ng Buhay, nang walang bayad.”

Huwag kayong makinig sa mga bulong, kasi Diyablo ’yun.

⁷⁴ At pumunta ang munting babae roon sa daraanan ni Jesus, at sobrang dami talaga ng nakapalibot sa Kanya, naroon ang mga mahihirap, at ang kung sinu-sino pa.

⁷⁵ At naroon nakatayo rin ang mga saserdote at ang lahat ng—ng mga kilalang pinuno ng relihiyon ng naturang babae. At pinagtatawanan nila Siya, at sinasabi, “Oy, Ikaw ang Yaong Isa na nagpapagaling ng mga maysakit, hindi ba? Buweno, marami kaming mga maysakit dito. Gusto naming matunghayan ang pagpapagaling Mo sa kanila. Buweno, Ikaw Yaong bumubuhay ng mga patay, hindi ba? May libingan kaming punung-puno ng mga patay rito. Gusto naming matunghayan ang pagbuhay Mo sa kanila.”

⁷⁶ Ni hindi man lang Niya sila pinansin kahit kaunti. Basta nagpatuloy lang Siya sa paglakad. May isa kasi Siyang bagay na dapat gawin, at iyon nga ang bagay na ipinakita sa Kanya ng Diyos na gawin. [Ipinangakap ni Kapatid na Branham ang kanyang mga kamay nang minsan—Pat.] Walang kukulang doon o walang lalabis doon!

⁷⁷ Kapag nakarating na ang Cristiano sa dakong iyon, kung saan mananahimik na lang siya at hindi makikinig sa lahat ng mga binabatong kasiraang puri at mga bagay-bagay, at sa lahat ng kung anu-anong nangyayari; at mananatili sa iisang motibo,

at 'yun ay ang gawin ang kalooban ng Diyos, na ipinadala sa iyo ng Diyos para iyong tuparin, magkakaroon ng isang bagong araw at isang bagong iglesya.

⁷⁸ Heto na nga't nakipagsiksikan ang naturang babae roon sa karamihan. At naglalakad noon si Jesus, sa Kanyang marahan, at mahinahong lakad.

⁷⁹ At halos magkandarapa na ang mga tao sa palibot Niya, at kanilang sinasabi, "Ikaw nga ba ang Propeta? Ikaw nga ba ang *ganito*? Ikaw nga ba ang *ganoon*? Tek, ano kaya kung pumarito Ka muna sa amin at gumawa ng isang himala para sa akin? Gusto Ka naming mapanood na nagpapamalas ng isang himala. Gusto Ka naming mapanood na ginagawang alak ang tubig; heto po ang isang pitsel ng tubig. Nais kong makatikim ng alak. Sabi nga nila masarap daw 'yun. Gawin Mo naman *itong* alak. Tikman natin kung anong magiging lasa."

⁸⁰ Ni hindi Niya itinaas ang Kanyang ulo. Basta nagpatuloy lang Siya sa paglakad. Iyan nga ang nagpamahal sa Kanya sa akin.

⁸¹ Alam n'yo ba, mga hamak na taong makikitid ang isip lang ang nakikipagbangayan at nakikipagtaló. Hindi na pinapansin ng isang taong malawak ang pagkaunawa ang gayong mga bagay. Hindi na pansin ng mga Cristiano ang pinagsasabi ng sanlibutan, sabihin man nila ang gusto nilang sabihin. Mayroon na kasi silang. . . Malawak na kasi ang kanilang pagkaunawa para mapansin pa ang mga makikitid na bagay na iyon. Basta patuloy lang sila sa pag-usad, basta nagpapatuloy lang.

⁸² Naisip nung munting babae, "Ngayon, ito na lang ang tanging oras na makikita ko Siya; ang huli kong pagkakataon. Ang tanging pagkakataon na nagkaroon ako kailanman. At tunay nga akong nananampalataya, kung mahihipo ko lang ang damit ng Lalaking iyon, ako'y tiyak na gagaling." Pambihirang pananampalataya! Pambihirang panahon!

⁸³ At, sa mga sandaling iyon, dahil nga hindi na niya kaya pang makipagsiksikan sa karamihan, lumuhod siya sa kanyang mga tuhod, at sa kahit papaano nang paraan, gumapang siya sa paanan ng mga taong naroon, hanggang sa mahipo niya ang Kanyang damit. Tapos bumalik na siya't tumayo sa karamihan.

Bumaling si Jesus at nagsabi, "Sino ang humipo sa Akin?"

⁸⁴ Aba, sabi ng karamihan, "Aba, wala pong humihipo sa Iyo." Itinanggi iyon ng bawat isa.

⁸⁵ At pinagwikaan Siya ni Pedro. Sabi, "Panginoon, ang lahat naman ay nagsisipagdagsaan sa Iyo."

Sabi Niya, "Subalit naramdaman Kong may umalis na bisa sa Akin."

⁸⁶ At nagpalinga-linga Siya sa paligid hanggang sa makita Niya 'yung babae. At Kanyang sinabi, "Iniligtas ka ng iyong pananampalataya."

⁸⁷ Ang pinakamadilim nga niyang oras. At sinabi ng Biblia, na, "Naramdaman niya sa kanyang loob, na ang dugo . . . ang pag-agas ng dugo ay huminto na."

⁸⁸ Hindi nga ba't Siya rin ang Panginoong Jesus na naparito kaninang umaga? Para sa isang lalaking nakaupo riyang kanina, na may malubhang kanser, na ang sabi nga sa kanya . . . Sinabi na ng doktor, "Mabubuhay na lamang siya nang kaunting panahon." At nung tinungo niya ang altar, sa pinakamadilim na oras na kanyang naranasan kailaman, at tumayo siya roon nang labinlimang minuto. At lumapit dito sa harap para sabihing, "Lahat ng mabibigat na pakiramdam ko'y wala nang lahat." Sa pinakamadilim ngang oras, saka dumarating si Jesus.

⁸⁹ Si Kapatid na Burns na nakaupo riyang ngayon, nung . . . ang pinakamahal niyang katuwang sa buhay na naroon na sa Kaluwalhatian, ngayong gabi. Kung papaano noong, nakaratay siya roon, sa ospital dito sa Louisville, at may kanser siya noon sa lapay. At sumuko na sa kanya ang mga doktor. At kami ni Kapatid na Woods ay naparoon noon sa—sa gubat, nangangaso ng squirrel. At nung pauwi na kami, may kung anong nag-uudyok sa aking magpunta ng Louisville. Kung bakit? Hindi ko po alam.

⁹⁰ At sabi ko, "Kapatid na Woods, idaan mo sa may kanto, may sasadyain lang ako kina Sutcliff. At pagbalik mo, puwede mo na akong isakay uli." Naghintay ako nang naghintay. Wala pa rin siya. At pagkalipas nang ilang sandali, natanaw ko siyang papaliko sa ibang kanto, at nilampasan ako, inaakala sigurong doon pa sa kabilang kalsada ang kina Sutcliff. Kung napansin lang sana niya ako, malalaman niyang hindi pala roon ang kina Sutcliff. At nakapagtatakang kabisado naman niya ang kina Sutcliff. Alam na alam pa man din niya 'yung lugar.

⁹¹ At ang ating Kapatid na babaing Burns, na namamahinga na kasama ng Diyos, ngayong gabi, ay naroon noon sa kanyang tahanan; kinuha niya ang maliit na larawang iyon na may Anghel ng Panginoon sa bandang itaas, at napaluhod sa harap niyon at nagsabing, "O Diyos, tulungan Mo po akong mahanap si Kapatid na Branham para sa mahal kong asawa."

⁹² Tapos nagpunta siya ng bayan para magbayad ng kuryente, wala siyang kaalam-alam kung saang lupalop ako naroroon. At dumating siya. Naghihintay pa rin ako roon nang nasa mga kalahating oras na. At makailang-beses ko na ngang nakitang pabalik-balik 'yung trak na susundo sa akin doon sa kabilang kanto. Sabi ko tuloy, "Wala na naligaw na. Ako na siguro ang pumunta roon." At pagkarating ko roon sa kanto, at pagkaliko

nung trak dun sa may kanto, para isakay ako, eksakto namang, napadaan sa kanto si Kapatid na babaing Burns.

⁹³ At nun din, sa panalangin ng pananampalataya, pinagaling ng Diyos ang kanyang asawa. At nariyan nga't nakaupo ang kanyang asawa ngayong gabi. Iyon ang pinakamadilim na oras, saka dumating si Jesus.

⁹⁴ Iniisip kasi nating mananatili tayong ligaw at kawawa. At kaya kapag nararamdaman mo nang ganyan . . . Basta huwag ka lang bibitiw. Darating Siya. Huwag kang manghimagod.

⁹⁵ Iyon din naman ang pinakamadilim na oras na naranasan ng batang si Georgie Carter, doon sa Milltown. Kasapi siya sa isang iglesyang hindi naniniwala sa Makalangit na kagalingan. Tinutuya't pinagtatawanan nila ang Makalangit na kagalingan. At doon nga'y nakaratay ang kaawa-awang dalagitang iyon sa ganoong kalagayan. At nangusap ang Panginoon sa akin sa aking higaan, at sabi, "Magpunta ka sa Milltown." Hindi ko pa naririnig kailanman ang lugar na 'yun.

⁹⁶ Narito ako noon sa mismong entabladong ito, nung sinabi kong, "Pinapupunta ako ng Panginoon sa isang lugar na kung tawagin ay Milltown. May isang munting tupa roon na sumabit at hindi makawala sa mga palumpong, at umiiyak iyon at humihingi ng tulong." Wala ring nakaaalam kung saan iyon.

⁹⁷ At si Kapatid na George Wright, narito siya kaninang umaga, sabi, "Alam ko kung saan 'yun. Lampas lang 'yun nang kaunti mula sa amin." Nagpunta ako roon noong sumunod na Sabado. Naghanap-hanap ako sa lahat ng dako, at nagdaos ng isang pagtitipon doon sa lumang simbahan ng Baptist.

⁹⁸ At pagkatapos ay sinamahan ako roon ni G. Hall upang maipanalangin na ang batang babaing ito, at ipinanalangin ko siya. Lumabas ng bahay ang mga kapamilya niya. Ayaw nilang magkaroon ng anumang kinalaman dito, dahil binantaan na sila ng kanilang iglesya, "Ang sinuman," na dadalo sa pagtitipon ko, "ay ititiwalag sa iglesya." Nakaratay nga ang dalagita roon, sa loob nang siyam na taon at walong buwan, nakahiga roon, ni hindi makakilos kahit kaunti. Madalas siyang umiyak. Madalas siyang nananalangin. Kung, mapupuntahan ninyo iyon, ngayon, para makita 'yung kanyang kama. Yung maliit niyang cama con dosel, nabura na niyang lahat ang—ang pintura sa likod nun, sa pag-iyak sa Diyos, para gumawa ng himala. At sa kabila noon, ang kanyang malamig, at pormal at walang malasakit na iglesya'y hindi talaga naniniwala sa Makalangit na kagalingan at kanila pang pinalalayas ang sinumang nagmamagandang-loob na pumunta roon at mananalangin para sa kanya.

⁹⁹ Diyakono pa naman noon ang kanyang tatay, o parang ganun, dun sa iglesya. Ang kanyang nanay naman at ang iba pang miyembro ng pamilya, mga matatagal nang taga-suporta ng naturang iglesya. At maging sila'y tinakuwil na; wala nang

kahit anong pag-asa. Sumuko na sa kanya ang mga doktor, limang taon na rin ang nakalilipas. Tumitimbang na lang siya ngayon ng mga tatlumpu't pitong libra; buto't balat na lang talaga. Ang patpatin niyang mga binti ay parang mga tangkay na lang ng walis. At nakaratay siya roon na wala nang anuman kundi buto't balat.

¹⁰⁰ Nung araw na 'yun, pumunta ako roon. . . At ang nanay niya'y umalis; ang tatay niya'y lumabas ng bahay. Ayaw nilang magkaroon ng anumang kaugnayan sa isang panatiko. At nung araw ngang iyon, pumaroon ako para ipanalangin siya, sabi ko, "Tha, gusto mo bang bumangon mula sa iyong pagkakaratay at mabautismuhan sa Pangalan ng Panginoong Jesus, sa paglilinis ng iyong mga kasalanan, at iyong paglilingkuran Siya?"

¹⁰¹ Kinailangan ko pang lumapit sa kanya para marinig ang sinabi niya. Sabi niya, "Gagawin ko po kahit ano." Napatingin ako, nakalapag doon sa aking . . . sa kanyang kama, nakalapag doon ang maliit kong aklat, na pinamagatang *Si Jesus Ay Siya Pa Ring Kahapon, Ngayon, At Magpakailanman*. Ipinanalangin ko siya, at para bang walang anumang idinulot 'yung mabuti.

¹⁰² Dalawang linggo akong nagdaos ng pagtitipon sa lugar na 'yun. Nagtungo rin ako sa Totton's Ford upang magbautismo. At noong araw na iyon ay papatapos na ang pagtitipon, nung gabi. At habang ako'y nagbabautismo. . .

¹⁰³ May isa pang ministro roon na pinagtawanan at tinuya ang mismong ideya ng bautismo sa tubig, at paggamit ng Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo. Sabi niya, "Kung sinuman sa mga miyembro kong nakaupo ngayon sa ilalim ng toldang ito, ang nakasama nung lalaking iyon, lumabas na kayo rito ngayon din. Ayaw kong magkaroon ng anumang ugnayan sa kanila." At mangyaring nakaupo roon si G. Wright, at tumayo siya agad at lumabas. At noon mismong sumunod na Linggo. . . Nanahimik lang ako at hindi nagsalita ng anumang masamang bagay patungkol sa ministrong iyon.

¹⁰⁴ At nagpunta na ako roon, sa lugar na iyon para . . . para makapagbautismo roon sa Totton's Ford. At noong lumusong na ako roon sa tubig, naroon ang nakatatayo ang mga nagsidalo sa kanyang rebaybal, naroon sila sa pampang, para pagtawanan ang aking pagbabautismo sa Pangalan ng Panginoong Jesus. Pero noong lumusong na ako roon sa tubig, noong oras ding iyon ay dumating si Jesus.

¹⁰⁵ Heto na't papalapit na ang kanyang buong kongregasyon, magagara man ang kanilang bihis, lumusong pa rin sila sa maputik na tubig na iyon, sumisigaw, "Diyos mahabag Ka po sa akin!" At binautismuhan ko ang bawat isa sa kanilang naroon sa Pangalan ni Jesus Cristo, doon mismo sa tubig na iyon.

106 Tumuloy kami kina Kapatid na George. At sabi ni Kapatid na George, “Kapatid na Branham, dito ka na lang maghapunan sa amin kahit sandali lang.”

107 Sabi ko, “Kailangan kong manalangin.” Nagpunta ako roon sa kakahuyan, at hindi ako makapanalangin, palipat-lipat na ako noon ng puwesto. At bigla na lang, noong halos magdidilim na, napatingin ako, at may isang Liwanag na sumisinag doon sa isang maliit na puno ng korneho, at sabi, “Tumayo ka, humayo ka na, at magtungo ka roon kina Carter.”

108 Nakaratay noong mga sandaling iyon ang kaawa-awang si Georgie, umiiyak, at sinasabi niya, “Oh, nanay, maiiwan na ako. Aalis na siya ngayon, at hindi ko na po siya makikita pa.” At ’yun na nga ang pinakahuling pagtitipon, ’yung gabling iyon, ng dakilang rebaybal. At nang mga sandaling iyon, naglaho nang lahat ng kanyang pag-asa, nang ganun-ganun na lang. At nung oras ding iyon, dumating si Jesus.

109 At ang kaawa-awang dalagitang iyon na nakaratay roon, humigit-kumulang na tatlumpung libra lang ang timbang. Noong nilapitan ko na siya at pinatungan ng kamay, sabi ko, “Kapatid, nagpakita ang Panginoong Jesus sa akin kani-kanina lang, doon sa may gilid ng burol. Sinabi Niya na pumarito ako at ipatong ang mga kamay ko sa iyo, upang gumaling ka.”

110 Ang patpatin, at buto’t balat niyang katawan na hindi kailanman umalis sa kamang iyon sa loob ng siyam na taon at walong buwan [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] ay tumayo sa kanyang mga paa, at dali-daling tumungo sa piyano, at nagsimulang tumugtog.

Jesus, panatilihin Mo akong malapit sa krus,
Doo’y mayroong bukal na pinakamamahal,
Wala itong bayad kaninuman, batis na lunas sa
karamdaman
Walang patid itong umaagos na mula sa
bundok ng Kalbaryo’y bumubuhos.

111 Iyon ang pinakamadilim na oras na naranasan ni Georgie, saka dumating si Jesus.

112 Si Kongresista Willie D. Upshaw, animnapu’t anim na taon ang ginugol sa isang silyang de gulong, tulak-tulak siya roon sa bulwagan ng kongreso, at tuwing may iba pa siyang lugar na sinasadya. Naipanalangin na, maka-ilang daang ulit na nga. Siya ang bise presidente ng Baptist Association sa timog, ang Southern Baptist. Isang dakilang tao, isang marangal na tao, isang lalaking naging Pangulo na sana ng Estados Unidos, noong 1926, kung ipinagbili niya ang kanyang pagkapanganay. Subalit, kontrang-kontra siya sa alak. At kumandidato nga siya para isulong ang prohibisyon ng alak, gayong maaari naman siyang mapiling pambato ng partidong Democrat. Sabi nila gagawin nga nila, at ginawa na sana nila. Dahil, madali na sana

niyang maipatutupad iyon. Marami pa namang nagmamahal sa kanya.

¹¹³ Subalit sabi niya, “Hinding-hindi ko ipagpapalit kailanman ang pagkapanganay ko, para maging Pangulo ng sanlibutan.” Hallelujah! Bigyan nawa tayo ng Diyos ng mga ganoong lalaki, dito sa ating White House. Siyanga, po. Ngayon paano nga uli siyang nalumpo? Nabalian siya ng likod, noong labimpitong taong gulang pa lang siya, at ngayon ay otsenta’y sais na siya.

¹¹⁴ At isang gabi, doon, sa harap ng laksa-laksang katao, noong dinala siya roon ni Roy Davis. At kanyang ibinalik na siya sa upuan sakay sa silyang de gulong, matapos siyang ipanalangin ni Roy, at ng daan-daang iba pa. At wala pa akong naririnig na kahit ano tungkol sa taong iyon, sa buong buhay ko. Naroroon siya, nakaupo roon, galing sa isa pang pagtitipon. Lumakad ako papuntang entablado. At noong mga oras ding iyon, napatingin ako, at nakakita ako ng kumpol ng dayami, at isang munting batang lalaking naglalaro. Habang unti-unting inihahayag iyon ng Espiritu Santo, itinuro siya Nito at sinabing isa siyang kongresista, at pinagaling na siyang lubos ni Jesus.

¹¹⁵ Hayan, siya, isang baldado, animnapu’t anim na taon ang ginugol sa isang silyang de gulong, walumpu’t anim na taong gulang na ngayon, iyon na nga ang pinakamadilim na oras na naranasan niya kailanman. Walang kahit anong pag-asa, para magkamit ng anumang kagalingan. [Ipinalakpak ni Kapatid na Branham ang kanyang mga kamay nang minsan—Pat.] Saka dumating si Jesus. At ang lalaki ngang iyon, na gumugol nang animnapu’t anim na taon sa isang silyang de gulong, tumayo siya at nagtatakbo patungo sa entablado, sa edad na walumpu’t anim na taon, at hinipo ang sariling mga paa, at nagpalundag-lundag nang taas-baba. At tumayo siya sa pagtitipon ni Billy Graham at umawit ng *Ako’y Nakahilig Sa Di Nagmamaliw Na Bisig*, sa mismong mga hagdan papanhik ng White House. Isang napakadilim na oras, saka dumating si Jesus.

¹¹⁶ Iyon ang pinakamadilim na oras na naranasan ni Abraham, noong siya ay isandaang taong gulang na, saka dumating si Jesus.

¹¹⁷ Isang gabi naman matapos ang mahabang pangangaral, isinugo Niya ang mga alagad Niya. At sumakay sila sa isang bangka at pumalaot silang hindi Siya kasama. At mukhang pagkakataon, iyon, na wala Siya, noong pumalaot sila sa dagat, sakay sa maliit na bangka. At dumating ang bahagyang unos. At sabi ng Diyablo, “Nailayo ko na rin sila sa Kanya sa wakas. Nailayo ko na ang mga holy-roller sa kanilang Panginoon. Masyado na nilang naipakalat ang Mensahe sa buong mundo. Lulunurin ko ngayon ang bawat isa sa kanila.”

¹¹⁸ Kaya, isang malakas na bagyo ang dumating. Sumingasing ang Diyablo, at umihip ang bagyo. At nagsimulang umalog

ang maliit na bangka nang taas-baba, nang *paganito*. Nabali ang mga layag. Nabali ang mga sagwan. Napuno ng tubig ang bangka. At iyon na nga ang pinakamadilim na oras. Wala silang magawa kundi maghawak-hawak sa may baywang, at umiyak. Naisip nila, “Oh, nasaan na kaya Siya? Ano na bang nangyari sa Kanya? Bakit kasi hindi tayo naghintay at isinama Siya? Bakit kasi hindi natin Siya isinama sa bangka?”

¹¹⁹ At maraming beses, na maaaring ganoon din ang maiisip ninyo. Kaibigan ko, maaaring lumakad kang wala Siya, subalit, alalahanin mo, nakamasid pa rin Siya. Alam Niya kung nasaan ka. Maaaring may mga kaguluhan sa inyong tahanan. Maaaring may bagabag sa inyong kaluluwa. Maaaring may suliranin ang inyong katawan. Ano pa man iyan, huwag ninyong alalahanin. Nakatuon ang mga mata Niya sa inyo. Nakamasid Siya sa inyo.

¹²⁰ Umakyat Siya sa taluktok ng isang bundok. Nagmamasid Siya roon, at kitang-kita Niya ang lahat ng taktika ng Diyablo habang pinaglalaruan sila. Hallelujah!

¹²¹ Hindi lang Siya umakyat, kundi inakyat Niya ang tugatog ng Kalbaryo; hindi nga rin lang sa Kalbaryo, kundi sa tugatog ng Kaluwalhatian. At nakaupo Siya ngayong gabi, nang buong Karangalan. Nakatunghay Siya sa lupa. Hindi magkakaroon ni isang—isa mang maliit na alon sa tubig nang wala (Siya) itong kaphintulutan Niya; ni hindi makakikilos ang dagat; ni hindi makakikilos ang isang dahon; ni hindi makalilipad ang isang ibon. [Ipinalampak ni Kapatid na Branham ang kanyang mga kamay nang dalawang beses—Pat.] Oh, purihin ang Pangalan ng Panginoon!

¹²² Siya ay nasa ibabaw ng lahat ng mga pamunuan at mga kapangyarihan. Iginawad man sa Kanya ng sanlibutan ang pinakamababang pangalang maibababa; ibinigay naman sa Kanya ng Diyos ang pinakamataas na pangalang maibibigay. Inilagay man Siya ng sanlibutan sa pinakamababang lugar na mapaglilagyan sa Kanya, sa libingan ng makasalanan; subalit itinaas naman Siya ng Diyos sa Kataas-taasan. Napakataas na Niya na kinakailangan na Niyang tumingin sa ibaba upang matanaw ang Langit.

Ang Kanyang mata ay nakatingin sa maya,
At alam kong ako’y pinagmamasdan Niya.

¹²³ Pinagmamasdan ka Niya. Alam Niya ang bawat kaisipang iniisip mo. Alam Niya ang bawat kilos na ginagawa mo. Alam Niyang lahat ang tungkol sa iyo. Siyanga.

¹²⁴ Sasabihin mo, “Pero, tumalikod ako sa pananampalataya, Kapatid na Branham.” Hindi mahalaga ’yun. Alam Niya kung ano ang dahilan ng pagtalikod mo. Alam Niya kung saan ka talaga nakatayo. [Kinatok ni Kapatid na Branham ang pulpito nang dalawang beses—Pat.]

¹²⁵ Sasabihin mo, “Buweno, Kapatid na Branham, lumakad din akong hindi Siya kasama, nagawa ko ’yun. Nagkaroon ako ng pagkakataon, minsan, para dumulog. Nagkaroon ako ng pagkakataon, minsan, para—para maging isang Cristiano. Nagkaroon ako ng pagkakataon. Nagtawag ang mangangaral, at pumaroon sana ako. Minsan ko na iyong sinubukan, subalit nabigo ako. Nakagawa pa ako ng *ganito*, *ganoon*.” Kahit ano pa ’yang nagawa mo, nakatingin pa rin ang mga mata Niya sa iyo.

¹²⁶ Umalis nga ang mga alagad na iyon nang hindi Siya kasama. At sa pinakamadilim na oras na iyon, noong mailayo sila ng Diyablo mula roon, mula sa Kanyang Presensya, sinimulan niya silang bagyuhin.

¹²⁷ Marahil ay ganoon ang ginagawa niya sa inyo ngayong gabi. Maaaring bigyan ka niya ng kanser. Maaaring bigyan ka niya ng *ganito*. Maaaring bigyan ka niya ng *ganoon*. Maaaring bigyan ka niya ng wasak na tahanan. Maaaring bigyan ka niya ng bagbag na puso. Maaaring bigyan ka niya ng mga alalahanin. Maaaring bigyan ka niya ng sakit ng ulo. Hindi ko alam ang gagawin niya. Subalit may isang bagay na alam ako, na nakatingin pa rin ang mata ng Diyos sa iyo. Maaaring ito ang pinakamadilim mong oras. Hindi ko alam; alam ng Diyos.

¹²⁸ Subalit doon sa pinakamadilim na oras na iyon, noong papalubog na sila, saka dumating na naglalakad si Jesus, doon sa tubig, nang walang gumagambala. Ang mga naglalakihang alon ay basta na lang pumapatag sa Kanyang harapan, habang naglalakad Siya.

Sabi ni Pedro, “Panginoon, kung Ikaw nga ’yan, palapitin Mo ako sa Iyo.”

Sabi Niya, “Halika. Lumakad ka rito.”

¹²⁹ “Magsihingi kayo, at kayo’y makatatanggap; magsihanap kayo, at kayo ay makasusumpong; magsituktok kayo at kayo ay bubuksan. Sapagkat ang bawat tumutuktok, ay binubuksan; bawat humahanap, siya ay makasusumpong.” Tunay nga. Nagmamasid pa rin Siya. At ang kakatwang bagay tungkol dito, noong ang mga alagad na iyon ay wala nang magawa at wala ng pag-asa, at noon din dumating si Jesus sa kanila, ’yun na lang talaga nang tanging makatutulong sa kanila, at natakot sila sa Kanya. Natakot sila sa Kanya.

¹³⁰ At sinasabi ko sa araw na ito, kaibigan, na kapag nabigo na ang mga bansa, kapag nabigo na ang sangkatauhan, nabigo na ang mga komunidad, kung nabigo na ang iglesya, kung nabigo na ang lahat ng iba pa, na para bang lubos na walang-wala na tayo. At bigla na lang anumang sandali, anumang oras, makaririnig ka ng isang sigaw, at hindi pa natatapos ang sigaw na iyon ay napuksa na ang buong mundo. Isang tao lang na magpakawala ng bomba tiyak tapos tayong lahat. Yun lang ang kailangang gawin, isa lang. Hindi na nila kailangang lisanin ang Moscow.

Maaari silang maupo lang doon at maghulog ng isa rito sa Fourth Street, sa Louisville. At tayo rin nama'y tatayo lang dito at maghuhulog ng isa naman doon sa Moscow, sa gayunding paraan.

¹³¹ At ano nang mangyayari kapag ang mga naglalakihang mga barko ay pumalaot na doon sa karagatan, karga ang mga asintadong rapido na nakatutok sa mga siyudad? Isa sa panig na ito, ang nakatutok nang pagawi *rito*; at isa sa panig namang ito, ang nakatutok pagawi *roon*. [Pinalagutok ni Kapatid na Branham ang kanyang daliri nang minsan, at saka inulit—Pat.] Paglipad nung una, lilipad naman 'yung iba nang paganoon.

¹³² Ano nang mangyayari? Ano nang magiging silbi ng iyong tahanan sa panahong iyan? Ano nang magiging silbi ng iyong pera sa panahong iyan? [Ipinalakpak ni Kapatid na Branham ang kanyang mga kamay nang dalawang beses—Pat.] Ano nang magiging silbi ng iyong kasintahang lalaki sa iyo, o ng iyong kasintahang babae sa iyo? Ano nang magiging silbi ng mga bagay-bagay sa iyo? Kung hindi ka matuwid sa Diyos, wala ka na, ngayon man at sa Magpawalang Hanggan.

¹³³ Ito ang pinakamadilim na oras na kinaharap ng sanlibutang ito mula pa noong pasimula ng panahon. Hindi pa nagkakaroon ng panahon sa kasaysayan ng sanlibutan na kasingdilim kagaya nito ngayon.

¹³⁴ Sobrang laganap na ang kanser. Isipin n'yo na lang, ito. . . narinig ko sa isang pahayag noong isang araw, isang patalastas na parang ganito, "Na mas marami pa raw ang mamamatay sa Amerika ngayong taon, dahil sa paninigarilyo, na magdudulot ng kanser, na mamamatay nga ngayong taon sa Amerika, kaysa sa mga napatay sa apat na taong Digmaan sa Korea." Laganap na talaga ang kanser.

¹³⁵ Lumalaganap na ang iba't ibang sakit, at sari-sari na ang nangyayari. Buweno, hindi na natin malaman kung ano pang susunod. Hindi na alam ng mga doktor ang ipapangalan sa mga sakit, kaya naman sinasabi nila, "Mga virus ang mga ito." Ano ba ang virus? Tanungin n'yo ang doktor. Wala siyang nalalaman tungkol doon. Sasabihin lang niya, "Ito'y isang virus." Ganoon lang.

¹³⁶ May maliliit na mga kulisap at demonyong nagliliparan, na hindi pa naririnig kailanman ng tao. Ang lahat ng mga ito'y nariyan na at nagsisikilos. Lahat ng mga ito, sinisikap nating sugpuin sa pamamagitan ng mga natural na bagay. Subalit, kapag sinusubukan natin ito, nagsisimula ito ng panibagong sakit. Siyanga. Bigyan mo ang isang tao ng penicillin para sa *ganito*, magsisimula iyon ng panibagong sakit. Bigyan mo ng *ganito*, ito'y. . .

¹³⁷ Sadyang malilihis kayo riyan ng daan. May daan ang Diyos, mas maiging tumahak tayo rito.

¹³⁸ Nabigo ang mga iglesya. Bigo ang mga Presbyterian. Bigo ang Methodist. Bigo ang Baptist. Bigo ang Pentecostal. Bigo ang Pilgrim Holiness. Bigo ang church of God. Tayo, bawat isa sa atin, nabigo. [Kinakatok ni Kapatid na Branham ang pulpito nang anim na beses—Pat.] Siyanga. Hindi mo maaaring sabihin, “Methodist ako,” at kikilos nang may kasiguraduhan. Hindi mo masasabing Baptist ka at kikilos ka nang may kasiguraduhan; Methodist, o isang Presbyterian, ano ka man, o Pentecostal. Hindi mo masasabing may kasiguraduhan ka na, hindi kasi garantiya ang pagsapi sa iglesya, dahil ngayon nga’y lugmok na sa kabiguan ang iglesya.

¹³⁹ Papatindi na nang papatindi ang mga sakit hanggang sa, sa pagkakaalam ko, lima sa bawat walo, o mga nasa ganun, ang mamamatay ngayong taon, sa kanser. Isipin n’yo ’yun. At lahat na ng sari-saring sakit, mga bagong sakit, at kung anu-ano pa ang laganap na laganap, sadyang nakakatakot ’yun isipin.

¹⁴⁰ Patay nang patay ang mga sasakyan. At sa araw-araw na lang, wala sa tamang pag-iisip ang mga taong nagmamaneho sa kalsada, at nagsisisigaw pa.

¹⁴¹ Aba, naglalakad ako sa kalye rito sa Louisville, kahapon, at isang babae ang akmang sasagasaan sana ako. Naglalakad ako nang *paganito*, at kasama ko ang maybahay ko noon, at narinig ko ang isang tao sa likuran ko. Ang—ang mga naroon ay para bang . . . At isang babaing mukhang wala sa tamang pag-iisip, na naninigarilyo pa, ang sabi niya, “Buweno, ngayon, kung hindi n’yo alam kung saan kayo dapat tumawid, magsilayas na kayo rito sa kalasada.”

Sabi ko, “Buweno, binibini . . .”

Sabi niya, “Tumahimik ka!” Hayan na nga. Hayan na nga.

¹⁴² Ano nga ba ito? Sakit ito sa pag-iisip. Ito’y sa utak. At sabi nga ng mga doktor siyam sa bawat sampung Amerikano ang may kakulangan sa pag-iisip. Maging ang mga saykaytrista, na dapat sana’y mga tagapagpaliwanag ng takbo ng pag-iisip, sila mismo ang naguguluhan at nababaliw. Bantay-sarado pa nga ang pagkakaposas sa kanila, sa institusyon ng mga baliw.

¹⁴³ Laganap ang kabaliwan. Laganap ang panggagahasa. Laganap ang alak. Laganap ang kasalanan. Laganap ang bisyo. Walang paraan para mapigilan ito. Laganap na laganap ang komunismo na gaya ng baha. Walang paraan para mapigilan ito, sapagkat nasa gobyerno mismo sila at nasa lahat ng dako.

¹⁴⁴ Oh, subalit, purihin pa rin ang Diyos! Sa pinakamadilim na oras na ito, narito si Jesus na dumarating, iniaabot ang Kanyang kamay, at nagpapamalas ng mga tanda at mga kababalaghan, at nagkakaloob ng kaligtasan at habag sa mga tao. Ito na nga ang pinakamadilim na oras na nasaksihan ng mundong ito! Sa panahong iyon, na ang bato ng Gibraltar ay sasabog at magpipira-piraso, balang araw. Subalit, ang Bato ng

mga kapanahunan ay magpakailanman tatayo nang matatag, magsisilbing bantayog sa pagkabuhay na mag-uli, ni Cristo.

¹⁴⁵ Pagpalain kayo ng Diyos! Pagpalain kayo ng Diyos, mga anak! Kayo man ay mahirap. Hindi man ninyo alam kung saan manggagaling ang susunod ninyong makakain. Subalit, may isang bagay lang po, kayo ay malugod na tatanggapin sa Bukal ng Buhay ngayong gabi, na gaya ng pinakamayamang tao sa mundo. Lumapit kayo nang walang salapi, walang bayad. Bukas ito sa sinumang may ibig.

¹⁴⁶ Ito ang pinakamadilim na panahon na nasaksihan ng mga pamilya. Tingnan n'yo ang mga nagkawatak-watak na pamilya. Mas maraming diborsiyo sa Amerika, isang bansa pa lang 'yan, kaysa sa buong mundong pinagsama-sama. Laganap na talaga ang diborsiyo. Saan na kaya napunta ang katapatan at ang—ang integridad ng ating mga kababaihan ng Amerika? Tingnan n'yo ang mga kalalakihan natin, wala na silang iba pang alam gawin kundi humagibis sa kalsada, akala mo gustong sagasaan ang lahat ng nasa daan, gagawin nga nila 'yan, kakaripas nang todo, at pagkatapos maglalasing muna bago umuwi.

¹⁴⁷ Tingnan n'yo rin ang ating mga kabataang babaing pagalagala sa lansangan, may mga hawak pa 'yang sigarilyo. At kahit ano pang gawing babala ng mga taga-taguyod ng medisina, "Ito'y kanser! Ito'y kanser!" Wala silang pakialam. Wala silang pakialam talaga. Hihititin pa rin nila 'yan, bahala na raw.

¹⁴⁸ Tatayo ang isang mangangaral at mangangaral hanggang sa mawalan ng boses, at pagsasabihan niya ang mga kabataang mali 'yan, at sasagot sila, "Oh, ikaw na huklubang panatiko." Nakasalang na talaga ang sanlibutan sa paghatol, at daranasin nga natin ito. Tandaan n'yo ang sinasabi ko, hindi magtatagal at may isang bagay na magaganap.

¹⁴⁹ Nakita ko nga ang rebaybal na ito, na lumaganap sa loob ng maikling panahon. Lumaganap ito sa iba pang dako. At sa pagkakatayo ko roon, ang Tala sa Umaga ay pumailanglang sa ibabaw ng ilog, humigit-kumulang dalawampung taon na ang nakalipas, noong sinabi Niyang, "Lalaganap ang Mensahe sa buong mundo." At nagkaroon na nga ng isang makalumang, Pentecostal na pagbuhos ng Banal na Espiritu, at mga apoy ng rebaybal at mga gawain ng pagpapagaling na lumaganap sa buong mundo.

¹⁵⁰ Marami silang naiulat na mali. Itong mga pahayagan, dito mismo sa atin, hindi pa ganoong katagalan, doon sa McCall o McCall's. Noong mabahiran ng lalaking iyon ang pagtitipon ko roon sa Minneapolis, ang ilan sa kanila. . . Si G. Peterson at ang ilan pa nga'y lumapit sa akin para sabihing naroroon siya sa pagtitipon. Sabi ko, "Hindi na nakapagtataka. Kasi nga hindi ninyo sinasaliksik nang husto ang inyong mga artikulo. Sabi n'yo isinulat ni A. A. Allen ang aklat na iyon. Pero wala

namang kinalaman si A. A. Allen doon. Kaya nga, kung iyon ay isang pagkakamali, naniniwala akong lahat ng nakalagay roon ay mali.” Sabi ko, “Oo nga naman, maaaring karapat-dapat naman ang kapatid na iyon sa maraming kritisismo. Nakapag-ulat kasi sila ng maraming mali. Ayos lang naman. Subalit, kapatid, mas gugustuhin ko pang masumpungan ako sa kasagsagan ng labanan, na nakagagawa ng pagkakamali, kaysa maging isang kritiko ng taong nagsusumikap na makapagligtas ng mga kaluluwa sa Diyos.” Ano bang makukuha n’yo rito?

¹⁵¹ Purihin ang Pangalan ng Panginoong Diyos! Ang Kapangyarihan ng Panginoong Jesus Cristo ay sapat ngayong gabi. Ito ang tanging Bato. Ito ang tanging pag-asa. Ito ang tanging Pananampalataya. At ibinigay Ito ni Cristo sa inyo.

¹⁵² [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]...at mabuhay, o tumalikod sa pananampalataya at mamatay. Ito na ang pinakamadilim na oras na nasaksihan ng sanlibutan. Subalit dumating si Jesus, at narito Siya ngayon. Bukas sa lahat ang Kanyang pagpapala. Umaagos ang Kanyang tagiliran. Iniaabot ang Kanyang mga kamay. “At ang may ibig, ay maaaring lumapit at uminom sa mga tubig ng Buhay, nang walang bayad.” Magpasya kayo. Ang inyong Walang Hanggan na paroroonan ay—ay nakasalalay sa inyong pagtingin kay Jesus Cristo. Maaaring ito na ang huli ninyong pagkakataon.

¹⁵³ At sa pagyuko natin ngayon ng ating mga ulo para sa ilang pananalangin, hinihiling ko sa kapatid nating babae na pumarito sa piyano.

¹⁵⁴ At habang nananalangin ang bawat isa, nais kong pagbulaybulayan n’yo ito. Saan kaya kayo tutungo ngayong gabi? Ano kayang mangyayari ngayong gabi kung atakihin kayo sa puso? Maaaring ito na ang huling pagkakataon na mayroon kayo. Pag-isipan n’yo ito ngayon. Ang tanong ay, hindi n’yo ba sasamantalain ang pagkakataong ito?

¹⁵⁵ Sasabihin mo, “Buweno, ako’y medyo bata-bata pa.” Oh, kapatid na lalaki, kapatid na babae, wala siyang kinikilingang edad. Maaari mong matawid ang hangganan kahit ikaw man ay bata o kahit ikaw man ay matanda na; hindi mahalaga ’yun. Kita n’yo?

¹⁵⁶ Makalangit naming Ama, ang Mensaheng ito ay amin nang idinudulog sa Iyo, sa Pangalan ni Cristo. Ito ang pinakamadilim na oras na nasaksihan ng sanlibutan. Ito na ang pinakamadilim na panahon na naisulat kailanman sa kasaysayan ng tao. May mga missile sa himpapawid, mga flying saucer, gaya ng tawag nila sa mga ito.

¹⁵⁷ Sinabi Mong, “Magkakaroon ng mga tanda sa langit; at sa lupa, matitinding lindol na yumayanig sa iba’t ibang lugar, mga pagputok ng mga bulkan; mga malalaking alon sa dagat.” Sinabi Mong, “Umuugong ang dagat. Magsisipanlupaypay ang mga

puso ng tao.” Tunay nga. Hindi nalalaman ng sanlibutan ang kanilang gagawin. Pinatunayan iyon ng unang bomba atomika. “Panahon ng pagkabalisa, kasalatan sa pagitan ng mga bansa.” Sinabi Mong, “Kung magpasimulang mangyari ang mga bagay na ito, kung gayo’y itaas ninyo ang inyong mga ulo, malapit na ang Pagkatubos ninyo.”

¹⁵⁸ Tuwing naiisip ko ang dakong iyon, ’yung mga Hudyoo roon. Nakikinita ko ang matandang bituin ni David na may anim na tulis, ang pinakamatandang bandila sa mundo, na nakabandera sa dakong iyon. Bakit kaya hindi ito makita ng mga bansa? At kung iisipin pa nga, ang ating pinakamamahal na bansa’y makikipag-ugnayan sa mga Arabo, ganun na nga. Masusumpa sila, sigurado ’yun. Tinanggihan nila ang—ang habag ng Diyos, kaya naman gayo’y tatayo sila sa paghatol. Tingnan n’yo ang matandang bandilang iyon na wumawagayway roon! Tingnan n’yo ang disyertong umuusbong na gaya ng isang rosas na namumukadkad! Tingnan n’yo ang mga Hudyong naroon na nagsisibalikan na buhat sa Iran, pagkatapos namalagi roon sa loob nang dalawampu’t limang daang taon! Sinabi ng Biblia na dadalhin sila pabalik ng Jerusalem sa pakpak ng mga agila. Tingnan n’yo ang mga naglalakihang United Airlines na sakay-sakay sila pabalik sa mga pakpak ng agila, gaya ng nasusulat. Bumababa na sila sa mga barko, at naghahanap, at nagsasabi, “Nasaan na kaya ang Mesiyas?”

¹⁵⁹ Sinabi Mong, “Kapag umuusbong na ang puno ng igos, ay nalalaman ninyong malapit na ang tag-araw.” Nakikita naming umuusbong na siya. At nakikita namin ang lahat ng iba pang mga punongkahoy na umuusbong na. Alam naming nalalapit na nga iyon. Nakikita na namin si Ismael at si Isaac, naroon na sa may pintuan, nagkakagirian na sa isa’t isa, gaya ng Iyong sinabi. Ang bawat propesiya ay nagaganap na ngayon. Diyos, mahabag Ka po at iligtas ang mga nangaliligaw.

¹⁶⁰ Kung mayroon mang naririto ngayong gabi, Panginoon, na nangangailangan sa Iyo, mangusap Ka po sa puso ng lalaki o ng babaing iyon ngayon din, dahil marahil ito ang pinakamadilim nilang oras. Bagama’t hindi namin ito namamalayan. Maaaring may ilang naririto ngayon na hindi namamalayan na ito na ang pinakamadilim nilang oras, gayung ito na nga po iyon. Marahil labis na silang nahahalina ni Satanang sa mga bagay ng mundo, na hindi na nila ito namamalayan.

¹⁶¹ Sinabi Mo, sa Biblia, “Ika’y hubad, aba, maralita, bulag, at hindi nalalaman ito.”

¹⁶² Diyos, ipagkaloob Mo po, ngayong gabi, na ang mga kalalakihan at mga kababaihan, mga batang lalaki at mga batang babae, ay magsibalik sa kanilang tamang mga kaisipan at mapagtanto na ito ang pinakamadilim na oras na nasaksihan kailanman nitong sanlibutan. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon,

na kung mayroon mang naririto na hindi Ka pa nakikilala, nawa'y lumapit sila nang may kaamuan at pagpapakumbaba sa krus, sa gabing ito, at tanggapin si Cristo bilang sarili nilang Tagapagligtas.

163 Mayroon po ba ritong ganito ang gustong mangyari ngayon, habang nakayuko ang ating mga ulo, nagnanais na maisama sa panalangin habang isinasara na natin ang gawain? Maaari n'yo po bang itaas ang inyong kamay sa Diyos, at sabihin, "Alalahanin Mo po ako."

164 Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos, at ikaw, at ikaw, at ikaw. Pagpalain ka ng Diyos diyan sa likod. At ikaw, binibini, oo. Mayroon pa po bang iba pa bago tayo magtapos? Pagpalain ka ng Diyos, iha.

165 Sasabihin mo, "Kapatid na Branham, may kabuluhan po ba ang pagtaas ko ang aking kamay?" Kumpurme 'yan kung anong ibig mong sabihin.

166 Alam n'yo ba, kapag itinataas ninyo ang inyong kamay, sinasalungat ninyo ang bawat batas ng siyensiya? Alam ba ninyong dapat ay nakalaylay lang pababa ang inyong kamay, hinihila pababa ng hatak ng mundo? Alam n'yo ba, sa tuwing itinataas ninyo ang inyong kamay, ipinapakita ninyo na may isang sobrenatural na bagay, na nasa inyo, na nakapagpasya na? Isang bagay na hindi natural. Isang bagay na hindi batay sa siyensiya. Isa itong espiritu na nasa inyo, na nagdulot sa inyong tumaliwas sa hatak ng mundo, sa pamamagitan ng isang sobrenatural na Katauhan na nariyan sa inyo, na nagpataas ng inyong kamay sa Diyos ng Langit, upang sabihin, "Tinatanggap ko na ngayon si Jesus bilang aking Tagapagligtas." Alam n'yo bang ang espiritong iyan na nasa inyo ang gumagawa nun? Wala kang sariling kakayahan para riyan. Iyon na nga ang ibig sabihin natin dito, magkaiba ang Buhay sa kamatayan.

167 Kung kayo'y may kamalian, itaas ninyo ang inyong kamay sa Kanya. Kung nakikita nga Niya ang maya, tiyak nakikita Niya rin kayo. Tiyak 'yan.

168 Ngayon, habang naririyang kayo sa inyong upuan. Kung nais ninyong lumapit sa altar at manalangin, nasa sa inyo ang pagpapasya. Kung nais ninyong manatili na lamang sa inyong kinauupuan, manalangin kami para sa inyo. Maaari kayong pumili kung anong paraan n'yo gustong manalangin. Diringgin iyan ng Diyos. May mga nasa isang dosenang kamay na ang nakataas.

169 Ngayon, kung nais ninyo, at nais ng Diyos na gumawa para sa inyo, diyan kung saan Niya kayo hinatulan, diyan mismo sa lugar na iyan, aalisin Niya ang hatol sa inyo. Kukunin Niya ang inyong kahatulan at dadalhin sa Kanyang Sarili. At Kanyang binayaran na nga iyan.

170 At sasabihin Niya, “Ama, ipataw Mo ang lahat ng kanyang pagkakautang sa Akin. Bayad nang lahat ito.” Pagkatapos ay ipagkaloob na ng Diyos sa iyo ang Espiritu Santo, diyan mismo sa kinatatayuan mo.

171 Bukal nga ba talaga sa loob n’yo ang pagtaas ninyo ang inyong kamay? Kung bukal nga iyan, manalangin na tayó.

172 Banal na Tagapagligtas, hindi ko po alam kung aling gabi ang magiging huli ko nang pangangaral. Nais kong mangaral na para bang iyon na ang pinakahuli ko. Sapagkat hindi ko po alam kung kailan Mo sasabihing, “Tapos na ang lahat ngayon. Umuwika na sa ating Tahanan.” Idinadalangin kong ingatan Mo po ako. Nais ko pa po sanang manatili, upang maipangaral ang Salita. Nakikita ko po ang kahalagahan ng Ebanghelyo, at ang bunga Nito sa sangkatauhan. Subalit dito sa sarili naming marilag na lupain ng Amerika, ang nakikita namin ay labis na kaluwagan, kayamanan, salapi, at kung anu-ano pa.

173 Oh, sadyang hindi kami makapagpapatuloy sa ganitong kalagayan, habang ang karamihan sa mundo’y walang makain. Samantalang kami’y nakakakain nang husto at nadaramtan, at may sarili kaming mga tahanan, at mga sasakyan. Tila wala na kaming kailangan, ngunit hindi namin nalalaman na kami ay “maralita, aba, bulag,” sa espirituwal na kalagayan, “hubad,” wala ang Dugo ng Panginoong Jesus. Bagama’t, marami kaming miyembro sa iglesia. Marahil may maganda kaming katayuang panlipunan sa paningin ng aming mga kapitbahay. Marahil nadaramtan kami nang mas maayos, kumakain nang mas marami. Subalit, O Diyos, paano naman ang kaluluwa namin!

174 Ngayon, sa madilim na oras na ito, nanatili Ka pa rin, dahil naglalagay ka ng pagniningas sa aming mga puso. Mayroong ilang mga kamay, sa palagay ko, nasa isang dosena; maaaring mali ang bilang ko. Maaaring humigit-kumulang. Hindi ko po alam, Panginoon, subalit kilala Mo po ang bawat isa sa kanila.

175 At ngayon, nang may buong kataimtiman, sa pagtatapos na panalangin, akin pong dinadala sila nang buong giliw at may pagpapakumbaba sa Iyong paanan, bilang mga pagbubunga ng pangangaral ko ngayong gabi, bilang bunga ng Mensahe. Dinadala ko po sila sa Iyo, Panginoon, habang nakataas ang kanilang kamay upang maisama ko sila sa aking panalangin. At ngayon naninikluhod sila sa kanilang puso, sa paanan ng krus. Tanggapin Mo po sila, Ama. Tanggapin Mo po sila bilang iyong mga minamahal na anak. At kahit saan man po sila nagsisimba, saan man po iyon, oh, sila nawa’y maging mga magigiting sa pananalangin. Nawa’y maging mga tagapagwagi sila ng mga kaluluwa; gumaganap sa mga gawa, sapagkat paparating na ang gabi. Ipagkaloob Mo po ito, Ama. Kunin Mo po sila sa Iyong pangangalaga, at pagpalain sila at ipagkaloob sa kanila anuman ang masidhi nilang ninanais sa kanilang puso.

At puspusin nawa ng pinagpalang banal na Espiritu Santo ang kanilang buhay. Sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Cristo. Amen.

¹⁷⁶ Ilan ba ang umiibig sa Panginoong Jesus nang buong puso? Oh, hindi ba't Siya'y kahanga-hangang talaga? Ilan dito ang pakiramdam nila'y lubos na silang nilinis? Na para bang ang Panginoon ay bumaba rito bitbit ang Kanyang napakalaking panguskos at kinuskos tayo hanggang luminis. Oh, naku!

¹⁷⁷ Bigyan mo nga kami ng tipa para dun sa lumang, palagay ko, awit 'yun ng Salvation Army, "Ano ang makalilinis sa lahat ng kasalanan? Walang iba kundi ang..." [Huminto sandali si Kapatid na Branham. Sinasabi ng kongregasyon, "Dugo ni Jesus."—Pat.] "Ano ang makapagpapagaling sa akin? Walang iba kundi ang..." ["Dugo ni Jesus."] Tama 'yun. Awitin natin iyon, nang sabay-sabay, ngayon.

What can wash away our sin?
Nothing but the Blood of Jesus;
What can make me whole again?
Nothing but the Blood of Jesus.

Oh, precious is the flow
That makes me white as snow;
No other fount I know,
Nothing but the Blood of Jesus.

¹⁷⁸ Hindi ba't kahanga-hanga itong talaga? Gustong-gusto n'yo ba ng mga lumang himnong kagaya nito? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Oh, naku! May gusto sana akong makita ngayon. Sino po sa inyo... Lahat po ng mga Methodist magtaas ng kanilang kamay. Mabuti. Lahat po ng mga Baptist magtaas ng kanilang kamay. Mayroon po bang Pilgrim Holiness dito? Itaas po ang kanilang kamay. Nazarene? Itaas po ang kanilang kamay. Church of God? Itaas po ang kanilang kamay. Presbyterian? Itaas po ang kanilang kamay. Mayroon po kayang Katoliko? Itaas po ang kanilang kamay. Masdan po natin ang mga iba't ibang iglesyang naririto ngayon!

¹⁷⁹ Ngayon habang inaawit natin iyon muli, ano po ba ang nagpapagaling sa isang Presbyterian? Walang iba kundi ang Dugo ni Jesus. Ano ba ang nagpapagaling sa isang Methodist? Walang iba po kundi ang Dugo rin ni Jesus. Ano po ba ang nagpapagaling sa isang Nazarene? Walang iba kundi ang Dugo ni Jesus. Ano po ba ang...

¹⁸⁰ Ilan nga po pala ang mga Pentecostal dito? Nakalimutan kong itanong. Ilan po ba ang Pentecostal dito ngayon? Itaas po ang kanilang kamay. Ngayon kita na ng mga tao. Sabi nila tayo raw ay isang iglesyang Pentecostal. May limang kamay na tumaas, para sa mga Pentecostal. Hayan nga sila.

¹⁸¹ Hindi tayo Pentecostal, sa denominasyon. Tayo ang Iglesia ng buhay na Diyos. Tayo'y mga anak ng Diyos. Tayo'y mga

Presbyterian. Tayo'y mga Methodist. Tayo'y mga Baptist. Tayo'y mga Lutheran. Tayo'y mga Nazarene. Tayo'y mga Pentecostal. Tayo'y mga Pilgrim Holiness. Tayo'y lahat sila. Dahil tayong lahat ay iisa, kay Cristo Jesus. Ano ang may gawa nito? *Ito!*

What can wash away my sin?
Nothing but the Blood of Jesus;
What can make me whole again?
Nothing but the Blood of Jesus.

Oh, precious is the flow
That makes me white as snow;
No other fount I know,
Nothing but the blood of Jesus.

¹⁸² Hindi ba't Siya'y kahanga-hangang talaga? Siyanga, po! Ngayon habang inaawit natin, ang *Down At The Cross*, nais kong ang Methodist, at Baptist, at Presbyterian, at Pentecostal, at Nazarene, ang lahat nga'y magkamayan sa isa't isa, sige lang po, habang inaawit natin ito.

Down at he cross where . . .

Kayo'y umikot lang po, makipagkamay sa mga katabi.

Down where for cleansing . . .
There to my heart was the Blood applied;
Glory to His Name!

[Nakikipag-usap si Kapatid na Branham kay Kapatid na Neville—Pat.]

Glory to His precious Name!
There to my heart was the Blood applied;
Glory to His Name!


¹⁸³ Ngayon nga'y ang gabi ng komunyong, gaya nga ng alam ng lahat. Magkokomunyong tayo ngayong gabi. At nakalimutan ko nga ang tungkol dito pero buti na lang ipinaalala sa akin ito ni Kapatid ni Neville.

¹⁸⁴ Ngayon ilan po ba rito ang talagang damang-dama nila, na sila'y isang Nazarene Pilgrim Holiness Pentecostal Baptist? Tingnan nga natin ang mga kamay. Napansin ko nga rito kani-kanina lang, ang isang Baptist at isang Methodist na nakatayo sa entablado, nagkakamayan sa isa't isa. Oh, hindi ba't tayo . . . Hindi ba't kahanga-hanga talagang maging isang lingkod ng Panginoon!

¹⁸⁵ Ngayon tayo'y tila mga magkakapatid na paslit. At ang mga magkakapatid na paslit ay may talaga namang nakatutuwang mga ugali, alam n'yo na. Nagbabangayan sila ngayon pero bati na sila maya-maya. At ganoon dapat tayo. Alisin na natin 'yang pagbabangayan, na nagpapabigat sa inyong balikat, at lumabas tayo at makisayang mainam, maglaro kayo ng inyong mga manika, at gawin ang mga dapat pa ninyong gawin.

¹⁸⁶ Ngayon ay may paparating tayong rebaybal. At aawitin natin ang Ebanghelyo, ipangangaral ang Ebanghelyo, at tayo nga'y magkakasiyahang mainam. Ilan po ba ang mananalangin para sa bagay na ito? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Oh, mainam 'yan. Ngayon, halina kayo at samahan kami rito. Magsitawag kayo sa telepono. Gawin ninyo ang maaari ninyong maitulong, anyayahan ninyong pumasok dito ang lahat ng mga kalaro nating paslit. Sabihin n'yo sa kanila, "Pumarito kayo dito ngayon, at samahan kami ngayon. Magkakaroon kami ng isang pakikipag-isa sa Salita."

¹⁸⁷ Ngayon dumating na ang oras ng komunyong. Ang lahat ay malugod naming inaanyayahang makipagkomunyong sa amin, sa susunod na ilang minuto. Dinadala na nila ngayon ang mga gamit sa may altar, at, sa loob ng sampu o labinlimang minuto, pagkatapos nito, gaganapin naman natin ang paghuhugasan ng mga paa.

¹⁸⁸ Babasahin na ngayon ni Kapatid na Neville ang Kasulatan patungkol sa komunyong, habang nanatili tayong taimtim sa ating mga upuan, sa pakikisalo natin dito sa hapunan. 

SAKA DUMATING SI JESUS TAG57-0407E

(Then Jesus Came)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng gabi, Abril 7, 1957, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2015 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org